

# Paanong manatiling ligtas Sa panahon ng Lindol

## Kapag yumanig ang lupa…


### Dumapa sa lapag…



### Kumubli…



### Humawak…



Kagandahang-loob ng
Lungsod ng Seattle
Office of Emergency Management


This translation paid for by the Anchorage LEPC with a grant from the State of Alaska, DHS&EM


Anchorage Office of Emergency Management
http://www.muni.org/departments/oem/
907-343-1401 Tagalog

- **Huwag tumakbo sa panahon ng pagyanig.** Karamihan sa pinsala ay nagaganap sanhi sa mga bumabagsak na bagay, hindi mga gumuguhong gusali

- **Dumapa sa sahig, kumubli at humawak sa ilalim ng desk o mesa.** Manatili doon hang tumigil ang pagyanig.

- **Kung ikaw nasa isang lugar na walang mesa, mamaluktot pababa!** Piliting pumunta sa ilalim o sa galid ng isang bagay. Ang pinakamagandang opsyon ay pumunta sa ilalim ng desk o mesa. Maupo sa tabi ng panloob na pader. Mamaluktot sa gilid ng mabigat na kasangkapan o tumalungko sa pagitan ng mga hanay ng silya sa mga simbahan, sinehan at mga stadium o sa tabi ng o ilalim ng shopping cart.





- **Kung ikaw ay nasa labas sa isang lantad na lugar manatili doon.** Maupo at takpan ang iyong ulo gamit ang iyong mga kamay.

- **Kung nasa labas ka, ngunit malapit sa isang gusali lumayo sa gusali para malayo sa mga bumabagsak na salamin at iba pang bumabagsak na bagay.** Ang lugar pagkatapos na pagkatapos sa labas ng gusali ay kilala bilang "danger zone”.

- **TANDAAN: Ang mga pintuan ay HINDI inirerekumendang ligtas na lugar na puntahan sa isang lindol. Mahirap manatili sa pintuan sa panahon ng pagyanig at kadalasang nagiging sanhi ng pinsala ang pintuan kapag umindayog itong pabukas at pasara sa panahon ng pagyanig.**